


# ANG PAKIKIPAGTUNGGALI

 Hindi malirip ang Kanyang mga pamamaraan, hindi ba? Kahanga-hanga ang Panginoon! Grabeng katimyas na magtiwala sa Kanya. Sigurado ako na nagtamasa kayo ng maluwalhating panahon ngayong gabi. At sa pagbukas mismo ng pinto diyan kani-kanina at narinig ko si Kapatid na babaing Gertie na inaawit ang lumang awitin na 'yun, *Keep Holding On, Just One More Hour*, talagang bumabalik 'yung mga alaala tungkol sa aking munting iglesya, noong panahon bago ako umalis noong isang beses para humayo sa labas sa pagmimisyon. Tinitingnan ko itong “Hanapin Una Ang Diyos” dito sa harap na nakalagay riyang sa lumang biga, tandang-tanda ko pa noong ipintura 'yan ni Sammy Davidson diyan mga dalawampu't limang taon na ang nakararaan, na doon naman sa kabila nun ay ang nakalagay, “Saan Mo Gugugulin Ang Walang Hanggan? Bulayin mo!” At *dito* naman ay ang—ang “Babae Sa Balon,” at, “Si Daniel Sa Kulungan Ng Mga Leon.” Oh, grabe! Napakarami nang bagay ang nangyari mula noon.

<sup>2</sup> Bandang alas singko ng hapon kaninang hapon ay nakatanggap ako ng tawag na kailangan ng agarang tugon na galing sa halos tatlumpu, apatnapung milya sa kabukiran dito, tungkol sa isang babae na naghihingalo na, at isang kalugud-lugod na kaibigan, ang nanay po ni Georgie Carter. At alam ko na maraming mga ministro rito ang pinaghintay hanggang sa makabalik ako. Masama talaga ang lagay ni Edith, din. At habang naroon kami, ang Panginoong Diyos ay kumilos sa eksena, at si Kapatid na babaing Carter ay malayong-malayo na sa kamatayan. Kaya, lubos tayong nagpapasalamat dahil diyan.

<sup>3</sup> At ngayon papalapit na ang oras para sa gawain ng pagkokomunyon, sa palagay ko mga alas dose nila isasagawa ito. Ano po bang oras ang itinalaga n'yo na ibigay ito? [Sinabi ni Kapatid na Neville, “Anumang oras na, mga ilang sandali na ngayon hanggang lumampas lang ang alas onse y media.”—Pat.] Anumang oras na tayo. . . . Ilan po ang magkokomunyon ngayong gabi, patingin po ng kamay n'yo. Sige't, oh, napakainam. Buweno, nais ko lamang mangusap ng isang salita o dalawa. Siguro'y ilalagay ko lang ang relo ko rito nang sampung minuto, labinglima, tapos sisimulan na natin ang komunyon. Ngayon, iniibig n'yo ba Siya? [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Amen. At alam ko na nagtamasa kayo ng maluwalhating panahon, hindi po ba?

<sup>4</sup> Buweno, siyanga't nandito sina Kapatid na Thomas Kidd, at Kapatid na babaing Kidd, na nanggaling pa ng Ohio. Sa palagay ko umabot sila. Oh, mainam, umaasa ako na nateyp ito at makakakuha ako nito. Alam n'yo, hindi sila sumusuko.

Ilang araw na lang at halos sandaan na sila, mangyari nga—mangyari nga na 'yan ang nagpapanatili sa akin na magiting, ang makakita ng mga tao na gaya n'yan. Isipin n'yo, matanda na ako, at bago pa ako ipinanganak ay nangangaral na sila ng Ebanghelyo. At pagkatapos heto ako na isang matanda na, at sila, kung di sila makahayo at hindi maparinig ang mismong boses nila, nagdadala lang sila ng teyp rekorder at nagpupunta-punta sa mga ospital, nagbabahay-bahay, na ipinapangaral ang Ebanghelyo. Napakainam nga n'yan. Amen. Tunay na natutuwa ako sa kanila at sa lahat ng may pananabik sa mga gawaing ito rito.

<sup>5</sup> Ngayon, tandaan n'yo, iaanunsyo natin ito ngayon, loobin ng Panginoon, pagkatapos na pagkatapos na magawa ang simbahan, na sinasabi nila na sa bandang ika-sampu na ng Pebrero, hayan nga't, tayo, loobin ng Panginoon, nais nating gumugol ng siguro'y walo o sampung araw, o marahil dalawang linggo, para dun sa *Pitong Tatak* ng Apocalipsis. At mamimigay tayo ng mga card na nag-iimbata para sa mga bumibisita sa atin mula sa buong palibot, mula rito sa atin, at ipapaalam sa kanila nang matagal pa para makapagpasya sila kung dadalo ba sila, buweno, ikagagalak nga namin na makaparito kayo. At marahil ang Panginoon ay magkakaloob sa atin ng isa na namang pagpapamalas ng Kanyang Presensya gaya ng ginawa Niya noong huling beses kapag natugaygay na natin ang *Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*.

<sup>6</sup> Kung may nais kayong ipanalangin na tao, siyanga't, alalahanin n'yo ako sa tuwina, dahil ako'y isa na talagang nangangailangan ng panalangin. Ngayon, medyo nakakahiya na po, na gugugulin ko 'yung sampu, labing-limang minuto rito, para magbanggit ng munting bagay bago tayo magsimula, pero sige't iyuko po muna natin ang ating mga ulo pansumandali.

<sup>7</sup> Panginoong Jesus, oh, ang pakikibaka'y matatapos na balang araw, at wala nang taong maysakit na ipapanalangin pa, at wala nang mga makasalanan ang magsisisi. Pero, Ama, habang ganito pa ang araw, ipahintulot Mo po na kami'y makapagtrabaho habang kamit pa namin ang liwanag para makapagtrabaho, dahil darating ang oras na wala nang taong makapagtrabaho. Ngayon, sa kaunting sandali na ito, Panginoon, ikalulungkot ko po kung di ko magagawa, na tatapusin ko ang taon na ito na hindi makapangangusap ng ilang salita. Iyo pong tulongan ako, Ama, 'yan ang dalangin ko, na ako'y makapangusap ng bagay na makapagtanim ng tapang sa puso ng Iyong mga tao, na kami'y uuwi ngayong gabi pagkatapos na magkomunyon, at mapagtatanto namin na sa komunyong na ito ay may kalakasan. Tumanggap ng komunyong ang Israel unang-una doon noon sa Egipto, at naglakad nang apatnapung taon na ang mga panyapak nila'y hindi nalalaspag at ang kanilang mga damit ay hindi nahihimulmol. At, sa dalawang

milyong katao na 'yun, wala ni isa sa kanila ang nasumpungang nanghihina noong lumabas sila sa ilang. Panginoon, maipaalala nawa sa amin ang bagay na 'yan ngayong gabi habang patungo kami sa dakilang oras na ito. Sa Pangalan ni Jesus kami'y dumadalangin. Amen.

<sup>8</sup> Kung ipapangusap ko ang konteksto na isinulat ko na sisimulan ko sa hapon na ito, baka abutin tayo hanggang alas singko ng umaga rito. [May nagsasabi, "Ayos lang po 'yan."—Pat.] Pero nais ko lamang bumasa ng isang Salita mula. . . ["Ayos lang po 'yun."] Salamat. Mula sa Mga Taga-Efeso, ika-6 na kabanata, ika-12 talata, at kaunting sandali lamang ngayon, para magkaroon tayo ng katapangan.

*Sapagka't ang ating pakikibaka ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa . . . mga namamahala . . . kadilimang ito sa sanglibutan, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan.*

<sup>9</sup> "Espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan." At nais kong humango mula sa munting sampu o labing-limang minuto na 'yan ng konteksto, o teksto, pala, haya't nais kong pamagatan ito na: *Ang Pakikipagtunggali*. Ang isang pakikipagtunggali ay isang pagsubok ng lakas. At tayo, kung saan mayroon tayong. . . pagsubok ng lakas. Noong araw mayroon tayong. . . Yung mga Indian ay naglalagay noong araw ng apoy, at naglalagay sila ng ganitong karaming kalalakihan sa isang dulo na *ito* ng lubid, at ganoong karami naman sa kabilang dulo na *ito*, at 'yung—'yung hilahang-lubid, na pakikipagtunggali gamit ang lakas, kanilang hihilahin 'yung tinatalong pangkat sa may apoy. At ngayon alam natin na marami pang ibang bagay, at mapagbabasehan natin nito nang kaunting minuto, itong tungkol sa—tungkol sa pakikipagtunggali, pero nais kong mangusap sa mga minuto na ito nang madalian tungkol sa pinakamatinding pakikipagtunggali na mayroon, na 'yun nga'y, sa pagitan ng Iglesya at ni Satanas. Ang grabeng lakas na 'yun ni Satanas. At nais din nating ipangusap ang dakilang lakas ng Diyos sa Kanyang Iglesya.

<sup>10</sup> Ngayon, ang matinding pakikipagtunggaling ito'y nangyayari na nang maraming mga taon. Nagsimula 'yun sa Langit, at si Satanas ay sinipa papunta sa lupa, at pagkatapos ay naging kaaway siya ng bayan ng Diyos. At, mula noon, ginagamit niya ang buong lakas niya't buong istrategiya niya para sikaping hilahin ang mga tao ng Diyos sa may apoy, o, patungo sa kanyang mga apoy.

<sup>11</sup> At alam natin kung Sino ang may higit na kapangyarihan, ang Diyos nga. At ang Diyos, noong pagkalooban Niya ang Kanyang mga hirang ng pinakamainam na Bagay na maibibigay Niya para labanan si Satanas, ay yaong Kanyang Salita nga.

Ngayon, dahil ang Salita ay Diyos, at sino ba ang mas lalakas pa sa Diyos? Kaya, ang Salita'y ang Diyos, at ang Salita'y naging kalakasan natin. Ang Diyos na nasa Iglesya, ang naging Lakas nito para hilahin si Satanas patungo sa kanyang sariling mga apoy na kanyang ginawa. At ang paghila'y tuluy-tuloy. Ngayon, ang sabi ni Jesus, sa Marcos 16, "Sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng mga demonyo."

<sup>12</sup> Ngayon, alam ko na isang lumang kasabihan 'yan na ang mga tao, o, may isang lumang kasabihan na . . . at di ito kalumaan, siyanga. Ang mga tao'y hindi na naniniwala sa mga demonyo sa panahon ngayon. Pero ang bagay nga na dapat gawin, sa aking opinyon, ay kilalanin mo ang kaaway mo. At—at kilalanin mo ang kaaway mo, at magsanay ka para sa pagtutunggali na sasabakan mo kapag kakatagpuin mo na siya, dahil kakatagpuin at kakatagpuin mo siya. At dapat kilala mo siya, alam mo ang kanyang . . . alam mo kung saan siya malakas, at magsanay ka para sa pakikipagtunggali na 'yan kapag siya'y kakaharapin mo na. Dahil isang bagay nga ang tiyak, kakatagpuin at kakatagpuin mo siya, at kaya ikaw ay magsasanay para sa pakikipagtunggali na 'yun.

<sup>13</sup> Ngayon, ang pagsasanay para sa pakikipagtunggali'y parang pagiging isang boksingero. Ang—ang kalaban na kakaharapin niya roon sa pakikipagtunggali, para kalabanin, hayan nga na ang isang tunay na magaling na lumalaban ay kadalasang inaalam at pinag-aaralan ang kanyang katunggali. Pinag-aaralan niya ang mga gawi nito, inaalam ang mga posisyon kung saan ito umaatake, kung ito ba'y humihilig paharap, patalikod ba, kanang kamay ba ang pinanlalaban o kaliwang kamay. Pinag-aaralan niya ang lahat ng ito. At pagkatapos kung isa siyang mahusay, na matalinong lumalaban, kumukuha siya ng isang ka-sparring na lumalaban ng katulad sa paglaban ng kanyang katunggali, para malaman niya ang lahat ng kanyang mga gagawin kapag siya'y pupuwesto na sa posisyon na 'yun.

<sup>14</sup> At sa palagay ko ay isang napakainam na bagay 'yan para sa isang Cristiano na gawin. Tama. At ngayon kung nais n'yong simulan ang pagsasanay, simulan n'yo sa Juan 3:16, ang Ginintuang Tuntunin. Magsimula kayo sa ganoon, at 'yun ang magpapanatili sa inyo sa pagkakatayo. At pagkatapos ay magsanay kayo para—para naman dun sa mga pang-knockout na mga suntok, dahil gagamitin at gagamitin n'yo ang mga 'yun. Alam 'yan ng lahat. Kinakailangan na magsanay ka na tamaan ang kalaban mo. At sa tuwina, ginagamit ng Diyos ang Kanyang Salita. Kailangan nating alalahanin na ginagamit ng Diyos ang Kanyang Salita para talunin ang Kanyang kaaway. Kung may naiisip ang Diyos o maibibigay sa Kanyang mga tao na mas mainam na bagay para talunin ang kaaway, Kanya na sanang ginawa ito. Katulad nga ng lagi kong sinasabi, "Kapag ang Diyos ay gumagawa ng desisyon, 'yun na ang

pinakamainam na mayroon. Hindi Siya kailanman dumarating sa punto na babaguhin Niya ang Kanyang desisyon.” Kaya ang unang desisyon na ibinigay ng Diyos sa Kanyang mga tao doon sa halamanan ng Eden, para talunin ang kaaway, ay ang Kanyang Salita. Sila’y naliligirang-matibay ng Kanyang Salita.

<sup>15</sup> At ngayon aaralin ng kaaway ang . . . ang istrategiya natin gamit ang Salita. At, ngayon, pinag-aralan ’yun nang maigi ni Satanas nang ganoong kaganap hanggang sa, heto na nga’t sumapit kay Eba, kamit niya ang—ang pinakamainam na istrategiya na magagamit niya laban sa babae, at ’yun ay ang magrason sa Salita. Ngayon, hindang-hindi mo nga nais na magrason sa Salita ng Diyos. Kailangan n’yo langang Ito ng sampalatayanan. Huwag n’yong tangkain na ipaliwanag Ito. Huwag n’yong piliting intindihin Ito. Ngayon, hindi n’yo talaga mauunawaan ang Diyos, mangyari nga na ang Diyos ay Salita, at Ito nga’y dapat na sampalatayanan lamang. At ’yan ang Kalakasan natin, ang tanggapin lamang ang Salita. At alam ng sinuman na ang isang binhi sa tamang uri ng lupa ay magbubunga ng sariling uri nito. At ating tinatanggap lamang ang Salita.

<sup>16</sup> At, ngayon, si Eba nga’y akmang pipigilan ang pagrarason, noong ang kaaway. . . o noong sipiin niya ang Salita sa kaaway na ito, na, “Ang sabi kasi ng Diyos, ‘Huwag kayong kakain rito, dahil sa araw na kumain kayo rito’ sa araw na ’yun ay mamamatay kami.”

<sup>17</sup> At hindi naman kumontra si Satanas sa kanya. Ang sabi niya, “Tunay, na tama naman ’yan.” Pero ang sabi nito, “Kita mo, kailangan mo ng kung anong uri ng bagong Liwanag.” Bagay na medyo kaiba sa kung ano ang sinabi ng Diyos. “At kung gagawin mo ito, ikaw ay magiging mas matalino nang kaunti. Ang mga mata mo’y mabubuksan.”

Pero ang sabi niya, “Buweno, ang sabi kasi ng Diyos mamamatay kami.”

<sup>18</sup> Sabi nito, “Oh, tunay . . .” Kita n’yo, hayan nga, sa kakaunti lang na ’yun, “Tunay na hindi kayo mamamatay.” Pero sinabi ng Diyos na kayo nga’y mamamatay, at ’yun na ’yun! At ’yun—’yun ang nagpasimula ng matinding hilahang-lubid na ’yun, at hinila ang buong sangkatauhan patungo sa kamatayan, dahil nakinig si Eba sa isang pagrarason laban sa Salita ng Diyos. Ngayon, nakakadismaya na ginawa niya ’yun, pero nangyari na ’yun. Pero ngayon tayo’y naliligirang-matibay pa rin, at ang nakaligid na ’yan ay pinagtibay kay Cristo Jesus. Alam natin ’yan. Binigyan tayo ng Diyos ng pinaka mainam na depensa, ’yun ay magtiwala lamang sa Kanyang Salita.

<sup>19</sup> Alam n’yo, haya’t marami sa panahon ngayon ang nagsasabi na wala raw diyablo. Ang paniniwala nila’y isang kaisipan lang daw ’yun. Ganoon ang pinaniniwalaan nila. At may mga

tao na naniniwala na—na—na ang Espiritu Santo’y mainam na kaisipan lang, at ang diyablo’y masamang kaisipan naman. Pero kung papansinin n’yo, kapag ipinapangusap ng Biblia ang Espiritu Santo, ang sabi Niya, “Kapag Siya ang Espiritu Santo ay dumating.” At ang “Siya” ay isang panghalip panao. Kita n’yo? Kaya, Siya, Siya ay isang Persona. At ang diyablo’y isang persona. At ang mga demonyo’y mga persona rin. Oo, sila’y mga demonyo, at sila’y—sila’y iba-iba mismo. Pero iniisip ng mga tao na makalumang kaisipan ’yan.

<sup>20</sup> May isang tao na nakikipagtalo sa akin dito mga ilang linggo pa lang ang nakaraan. Ang sabi niya, “Alam mo ba ’yang ginagawa mo? Ibinubunsod mo lang ang kaisipan ng tao na iba ang isipin kapag sinasabi mo sa kanila ang bagay na ’yan. Pagbabago lang ’yan ng kaisipan.”

<sup>21</sup> Nakatagpo ko ang siya ring bagay na ’yan sa India isang beses, noong ang mga banal na kalalakihan na ’yun doon sa dako na pinagdausan namin, ng sa palagay ko’y pinakamalaking bilang ng mga dumalo na napangusapan ko kailanman, na mga madlang nakatayo, na mga kalahating milyon na tao, at nahagip ko ’yun sa pamamagitan ng Espirituwal na pagkilala. At nasaksihan nila kung papaanong tinatawag ng Espiritu Santo ang mga tao, at tinatawag sila, doon mismo sa madla, ang nagsasabi ng iba’t ibang bagay, at hinahagip ang kanilang kaisipan. Yung mga Raja’t banal na kalalakihan, ang sabi nila, “Binabasa lang niya ang isip nila.”

<sup>22</sup> Pagkalipas ng ilang sandali, mga lima o anim ang dumaan sa pila para sa pananalangin, at may lalaking bulag na dumaan. At ganap siyang bulag, at ang kanyang mata’y kasingputi mismo ng kamiseta ko. Haya’t sabi ko, “Ngayon heto ang isang lalaking bulag, kahit sinuman ay nakikita na siya’y bulag.” Tapos sabi ko, “Kung kaya ko lang siyang tulongan ay gagawin ko, pero ang tanging magagawa ko ay sa pamamagitan ng isang kaloob, na marahil makapagsabi ng isang bagay na ginawa ng taong ito; at ’yan ang makapagbibigay-kaisipan na kung nalalaman ng Diyos ang bagay na ginawa ng lalaking ito, tunay nga na nalalaman Niya kung anong gagawin ng lalaking ito.” Kaya ang sabi ko, “Ngayon, sa pagkakakita ko sa kanya,” sabi ko, “ngayon, isa siyang sumasamba sa araw. Bulag na siya nang dalawampung taon na.” At, noong sabihin ’yun ng interpreter, tama mismo. Sabi ko, “Isa siyang lalaking kasal. Siya...ang kanyang asawang babae ay may kaliitan, at may dalawa siyang anak na lalaki, ang isa’y mga nasa pitong taon na, ’yung isa nama’y siyam na taon.” Tama nga mismo. Binanggit ang mga pangalan nila, kung ano ’yun.

<sup>23</sup> Tapos mula sa mga nakikinig, doon sa dako na kinatatayuan ng mga tao, biglang dumating ang pagaspas na ’yun, “Mental lang ’yan, isang bagay lang ’yan na katulad ng—ng sikikong pagbabasa ng isip ng mga tao.”

24 Pagkatapos sa isip-isip ko, “Panginoon, kung Iyo lamang akong tutulungan. Kailangan ko—kailangan ko po ang tulong Mo, Panginoon. Pinipilit ng mga taong ito na uriin ‘yun na telepatiya. At hindi naman, at batid Mo po ito, Panginoon.” Mangyari nga, na ibinigay ko sa kanila ang Kasulatan na sinabi ni Jesus na Siya’y hindi gagawa ng anumang bagay maliban na ipakita sa Kanya ng Ama. At pagkatapos, sa pagbaling ko para tingnan ang lalaki uli, nakita ko siya sa ibabaw lang nun sa isang pangitain, na may mainam nang mga mata gaya ng mayroon ako. Sa isip-isip ko, “Ngayon na ang oras.”

25 Sabi ko, “Ang lalaking ito’y isang sumasamba sa araw, ngayon, at kanyang ikinabulag nga ito.” Tapos sabi ko, “Ngayon, ang. . . Nariyan ang mga paring Mohammedan, at nariyan ang—ang mga pari ng Sikh, ng Jain, at ng iba’t ibang klase ng relihiyon, Buddha. Ngayon ang lalaking ito’y nagnanais na matanggap ang kanyang paningin. Ngayon, marahil masasabi n’yo na kanyang—kanyang sinasamba ang nilalang sa halip na ang Maylalang. Ganoon din ang naiisip ko, siyanga. Pero heto tayo na nakaupo ngayong gabi.” Sabi ko, “At kami’y. . . ngayong araw ay tinanggap ako sa templo ng mga Jain kung saan labimpitong iba’t ibang relihiyon ang naroon para kapanayamin ako, at ang bawat isa sa kanila’y laban kay Cristo, bawat isa mismo!” Tapos sabi ko, “Ngayon, at marami sa inyo na mga kalalakihan ay naroon noon. Ngayon, kung mali si Cristo, tapos ang lalaking ito’y nais niyang maitama, at tunay na ang Diyos ng mga nilalang na Siyang lumikha ng mundo ay ang tanging Isa na Siyang makapagbibigay sa lalaking ito ng kanyang paningin. Nararapat lamang.” Tapos sabi ko, “Ngayon, kung sinuman sa inyo, ang Mohammedan dito ang pinaka nangungunang relihiyon, kung mamarapatin lang ng paring Mohammedan na pumarito at ibigay sa lalaking ito ang kanyang paningin, kung ganoon ay tatalima ako sa Mohammedan, o kung paring Buddha ang paparito para ibigay sa lalaki ang kanyang paningin. Pero kung hayaan n’yo na ang Diyos na Siyang lumikha sa kanya, ang Diyos, na Diyos ng sinuman sa kung saan, dahil nararapat lang na mayroon dapat talaga, hindi tayo maaaring may nilalang tapos walang Lumalang. At kinakailangan nga ng isang Manlilikha para lumikha ng paningin sa mga mata na ito. Dalawampung taon na siyang bulag sa kakatitingin sa araw, iniisip na pupunta raw siya sa Langit kung gagawin niya ‘yun. May kamangmangang ginawa ‘yun ng lalaki.” Sabi ko, “Anong gagawin n’yo na mga paring Buddha? Babaguhin n’yo lang ang paraan ng kanyang pag-iisip. Sasabihin n’yo na mali siya.” Na sinasamba raw nila ang mga patay nilang ninuno. Tapos sabi ko, “Ngayon, iniisip n’yo na ganoon siya, sinasabi n’yo na mali siya, pero ano ang gagawin n’yo? Babaguhin n’yo lang ang paraan ng kanyang pag-iisip.” Tapos sabi ko, “Ano ang gagawin ng Mohammedan? Babaguhin lang ang paraan ng kanyang pag-iisip. Ang mga Sikh, ang mga Jain, at iba pa, binabago lang ang

paraan ng kanilang pag-iisip.”

<sup>26</sup> Sabi ko, “Mayroon din kami n’yan sa Estados Unidos. Gusto ng Methodist na gawin mga Methodist ang lahat na mga Baptist, at ang mga Pentecostal ay gusto nilang kunin ang lahat ng mga Methodist at gawin silang mga Pentecostal. Binabago lang ang kaisipan. Pero hindi ’yan ang ipinapangusap natin. Ang ipinapangusap nati’y tungkol sa Diyos, ang Manlilikha.” Tapos sabi ko, “Tunay ang Manlilikha’y mangungusap.” At, ngayon, hindi ko naman sasabihin ’yun kung wala ’yung pangitain na ’yun, sa ano’t anumang paraan. Ngayon sabi ko, “Ngayon, kung ang Isa na yaon, hayaan na Siya nga’y talagang Diyos, darating at bibigyan ang lalaking ito ng kanyang paningin.” Tapos sabi ko, “Ngayon hinahamon ko ang sinumang pari o Raja, o banal na tao o kung alinman siya, na pumarito at ibigay sa lalaking ito ang kanyang paningin, at ako’y susunod sa inyong pilosopiya, magkakaroon kayo ng isang naakay.” At ’yun ang pinaka tahimik na grupo ng mga tao na narinig ko. Kita n’yo? Walang nagtangka.

<sup>27</sup> Tapos sabi ko, “Ano’t natahimik kayo?” Sabi ko, “Ang dahilan na hindi kayo lumapit, ay dahil hindi n’yo ’yun magawa, at maging ako’y di ko magagawa. Pero ang Diyos ng Langit na Siyang nagbangon sa Kanyang Anak na si Jesus Cristo, na tayo’y lingkod Niya, ay nagpakita sa akin ngayon-ngayon lang ng isang pangitain na ang lalaking ito’y tatanggap ng kanyang paningin.” Kita n’yo? Sabi ko, “Ngayon, kung hindi ’yun mangyari, kung ganoon maaari n’yong ipag-utos na palayasin ako ng India. Pero kung mangyari, bawat isa sa inyo ay utang n’yo ang buhay n’yo kay Jesus Cristo. Nais kong tanungin kayo, ilan sa inyo rito ang magbibigay ng inyong buhay kay Cristo kung ang bulag na lalaking ito’y matatanggap niya ang kanyang paningin? Nakita n’yo na ang mga pari n’yo, walang lumapit dito. Bakit di sila lumapit, kung sinasabi nila sa inyo na ang relihiyon nila’y ganoon kalaki’t kadakila? Bakit walang sinuman ang lalapit at magsasabi ng isang bagay?” Wala ngang lumapit. Sabi ko, “Kung ganoon kayo na mga tao rito, kung nakikita n’yo ang bulag na lalaking ito na nakatayo rito . . .”

<sup>28</sup> At may umakyat na doktor para suriin ang kanyang mga mata. Itinango niya ang kanyang ulo, sabi niya, “Bulag nga siya.”

<sup>29</sup> At kaya sabi ko, “Tunay, bulag ang lalaki.” Pero sabi ko, “Kung . . . At kung ipagkakaloob sa kanya ng Diyos ang kanyang paningin, ilan sa inyo ang maglilingkod kay Jesus Cristo?” At sa abot ng kaya kong tanawin, hayan ang malawak na kampanya ng itim na mga kamay. Bumaling ako sa lalaki, at nagsabi, “Panginoong Jesus, maalaman nga na Ikaw ang Diyos.” Napadantay ang lalaki ng kanyang kamay sa aking leeg, at naroon nakaupo ang alkalde ng Bombay, napadantay rin siya ng kamay sa leeg, haya’t nakakakita na ang lalaki nang kasing inam ng sino pa man.



<sup>30</sup> Ano 'yun? Yun—'yun nga'y aktuwal na kapangyarihan! Ang Diyos ay Diyos, at si Satanas ay Satanas! Kung hindi ka naniniwala na may diyablo. . . Noong nagpapasimula ako noon, aking—aking nasasagupa siya nang harapan araw-araw. Kaya huwag n'yong sasabihin sa akin na walang diyablo, dahil mas alam ko. Kinakailangan ko siyang labanan araw-araw. Kaya alam ko na mayroon—may diyablo. At kinakailangan na pinagsanay kayo kapag siya'y sasagupain n'yo. Hindi pinagsanay sa sikolohiya, hindi pinagsanay sa edukasyon; bagkus pinagsanay sa Espiritu Santo; sa kapangyarihan ng Diyos sa Kanyang Salita para Ito'y maging realidad. Kilalanin n'yo ang inyong kaaway. Oh, grabeng lupit niya!

<sup>31</sup> Hayan nga na nais kong tumayo rito ngayon at manalig rian, tugaygayin ang buong Biblia at ipakita sa inyo ang isang tao roon na kinaharap ito nang harap-harapan mismo. Haya't kung papaanong sa pakikipagtunggali laban sa kaaway, kanilang niligirang-matibay ang kanilang sarili sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Naranasan 'yun ni Noe, at alam niya na sinabi sa kanya ng Diyos na uulan. At ang pagtutunggaling 'yun ay sa pagitan ng siyensiya't ng Salita ng Diyos: Sinasabi ng siyensiya, "Hindi ito maaaring mangyari." Ang sabi ng Diyos, "Mangyari ito." Amen.

<sup>32</sup> Umiiral ang siya ring bagay na 'yan ngayon. Mangyari ito! Nangyari nga! Talagang may mga diyablo! Pero pinalayas sila ni Jesus, at binigyan Niya ang Kanyang Iglesya ng kapamahalaan na gawin 'yun, "Magpalayas ng mga diyablo sa Kanyang Pangalan!" Nagpalayas Siya noon ng pitong diyablo mula sa isang marikit na babae isang araw. At ang sabi Niya, "Kapag ang isang maruming espiritu'y lalabas sa isang tao, siya'y lumalakad sa mga dakong walang tubig, na sa pagbabalik, ay magdadala ng pitong iba pang diyablo na kasama niya." Ngayon, ipinapakita n'yan na kung ang isang lalaki'y nilinis mula sa kanya ang mga diyablo, may bagay sa kanya na lumayas. Lumayas nga ang isang diyablo! Ngayon, noong ang diyablo'y lumayas, na ang Diyos. . . oportunidad nga 'yan para ang Diyos ang siyang pumasok naman. Kaya, at kaya kapag lalabas ito, ibunsod n'yo na ang Espiritu Santo'y pumasok. Huwag n'yo lang hayaang nakatiwangwang. Kung ang ginawa n'yo lang ay magsisi sa inyong mga kasalanan at aalis na, kung ganoon ay mas lalala pa kayo kaysa noong una. Kaya naman siguraduhin n'yo na ang dako na 'yan na dating tinirhan ni Satanas at pinanahanan, ay mapuno 'yan ng Espiritu Santo ng Diyos, at pagkatapos kayo'y magkakamit ng kalakasan ng Salita ng Diyos sa loob n'yo, na nahahayag, at magpapalayas ng mga diyablo. Tuluy-tuloy ang pakikipagtunggali. Ang mga llaw sa gabi'y nagniningning. Ang Espiritu Santo ng Diyos ay naroon.

<sup>33</sup> At ngayon ay halos—halos tatlong minuto na lang bago sumapit ang oras na ang mga sipol ay hihipan na, at

maghahatinggabi na. Kaya naman sa pag-alis natin mula sa gusaling ito, para pumunta sa sari-sarili nating mga uuwian at mga tahanan, at kakaharapin ang labas, at kakaharapin ang sanlibutan, mangyari nga na huwag tayong lumabas na parang katulad pa rin kung ano tayo noon. Humayo tayo sa kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Humayo tayo sa Pangalan ni Jesus Cristo, na may bandera na itinataas, at may kalakip na pananampalataya sa Kanyang Salita, para hawakan ang Tabak na may dalawang talim, na may kalasag at suot ang buong baluti ng Diyos, para kaharapin ang kaaway, dahil siya'y lumalakas nang lumalakas at nagiging mas makapangyarihan pa araw-araw. Gaya ng—gaya ng kaaway na dumarating na parang isang baha, ang Espiritu ng Diyos ay magtataas ng bandera laban sa kanya. Kapag sumapit na tayo sa dulo ng mga bagay na ito na ating. . . at ang mga hiwaga ng Diyos ay makumpleto na sa atin, ang hanap-hanap nati'y mas maigting pang lakas, isang lakas para sa pag-agaw, para kaharapin ang isang. . . mas maigting na puwersa, na aagaw sa Iglesya at dadalhin ito tungo sa Kaluwalhatian. Kinakailangan na kamit natin ito. Ating harapin ang '63 na may kalakip na hamon, na mistula mismong, tayo'y mga lingkod ng buhay na Diyos! At katulad nina Sadrach, Mesach at Abednego ng lumang panahon, hindi tayo yuyuko sa mga diyablo ng sanlibutang ito at aariin muli ang bagay na ito na ipinapangusap natin, anupa't uusad tayo sa pakikibaka.

<sup>34</sup> Ramdam ko ngayong gabi, habang pinakikinggan natin ang mga pagsipol nun, katulad ng ginawa ni David noong kakilakilabot na mainit na gabi na 'yun noong mahiga siya sa ilalim ng mga palumpong ng morales, at ang kaaway ay palusob na. Grabeng oras 'yun na naranasan ni David! Grabeng oras nga 'yun sa kanyang pagkakahiga roon! Hindi niya alam kung paano kikilos, hindi niya alam kung ano ang dadakuan, dahil alam niya na nahihigitan siya sa bilang. Pero, bigla na lang, nakarinig siya ng ugong ng isang Hangin na dumadaan sa ibabaw ng mga palumpong. Alam Niya na pinuntahan siya ng Diyos, at siya'y nakipaglaban. Ganoon ang pakiramdam ko ngayong gabi, pagkatapos ng Mensahe kagabi, ako'y narito sa pinaka madilim na oras na nakaharap ko sa aking buhay. Ang pakiramdam ko'y parang si Isaias sa templo matapos na makita niya ang mga anghel na 'yun, ako'y isang lalaki na marurumi ang labi, at tumatahan kasama ang mga tao na marurumi ang labi. Pero pakinggan n'yo, ako—ako'y. . . Kakaharapin at kakaharapin ko ito mismo sa ano't anumang paraan, at, ang tanging bagay nun, ay hinihintay kong marinig ang mga pagaspas nun sa mga palumpon ng morales, para humayo't harapin ang kaaway nasaan man siya. Ang Diyos nga'y tulungan tayo para gawin ito.

<sup>35</sup> At ngayon sa palagay ko'y isang minuto na lang bago mag-alas dose. At ang '62 sa buo nitong nagdaan, hayaan natin ito na

nagdaan na.

<sup>36</sup> Tayo'y tumayo na ngayon, sige't ang bawat isa sa atin. Tuluy-tuloy ang pakikipagtunggali. Bawat isa sa inyo... ang sabi ni Pablo, "Limutin ang mga bagay na nasa nakaraan," lahat ng mga pagkakamali natin noong nakaraang taon, "Ako'y nagtutumulin patungo sa hangganan ng mataas na pagtawag." Lahat ng mga pagkakamali na nagawa ko sa lahat ng mga taon na ito, ako'y mapatawad n'yo nawa para sa mga ito. Diyos, patawarin Mo po ako. Iglesya, patawarin n'yo ako. At sa pagmiministryo na ako—ako'y nabigo, sa pakiramdam ko; Diyos, Iyo pong patawarin ako dahil dito. Iglesya, patawarin n'yo ako sa mga pagkakamali ko. At ako'y magtutumulin tungo sa hangganan ng dakilang pagtawag kay Cristo Jesus. Anuman ang dala ng hinaharap, hindi ko alam, pero alam ko kung Sino ang may hawak ng 1963.

<sup>37</sup> Atin nang itaas ang ating mga kamay sa Diyos ngayon at tayo'y manalangin sa ating sariling paraan, at ipagtapat natin ang ating mga nagawa, at hilingin natin sa Diyos na tulungan tayo sa parating na taon na ito.

<sup>38</sup> Makalangit na Ama, sa aming pagkakatayo rito, habang maraming kaisipan ang napapawi sa aming mga puso, at mga pagkakamali ng nakaraang taon, at habang kami'y papalapit sa pagyao ng '62 at sa pagsibol ng '63, Oh Diyos, nawa kami'y pumaitaas ng isang hakbang paakyat ng hagdan, hanggang sa makita namin si Jesus at ang Kanyang programa. Nawa ang bawat isa rito, Panginoon, sa panalangin, habang papayao ang lumang taon, at ang bagong pagsibol ng bagong taon ay paparating, nawa'y ang kasalanan ng lumang pagkatao at ang di-pananampalataya'y mamatay na sa aming puso, at ang bagong Kapanganakan ay pumasok kasama ang 1963, na gaya ng isang humahagibis, na Hanging malakas nang sa gayon ay punuin ang aming mga pagkatao at gawin kaming mga bagong nilalang kay Cristo.

<sup>39</sup> Iyong gawin kami na mga naaangkop na mga lingkod. Iyong patawarin ang aming nakaraan. Iyong pagpalain ang aming hinaharap. Iyong patnubayan kami, Oh Panginoong Diyos, ng Iyong makapangyarihang kamay, Jehovah. Iyo pong pagpalain ang mga ministro rito. Iyo pong pagpalain lahat ng mga miyembro, lahat ng mga bisita. Ikaw po'y sumama sa amin, Panginoon. Kami'y Iyong mga lingkod at ibinibigay namin ang aming mga sarili nang buong-buo sa Iyo para sa 1963, nang sa gayon ang kapangyarihan ng Iyong Espiritu ay magkaroon ng higit na mga kadakilaan sa aming buhay at sa aming pagkatao. Iyo pong tulungan kami, Diyos. Patawarin kami at tulungan kami, 'yan po ang dalangin namin. Ikaw po'y magbangon ng magigiting na kalalakihan! Ikaw po'y magbangon ng magigiting na mandirigma ng Pananampalataya! Iyong buksan ang taon na ito, Panginoon, ang natatagong Manna na 'yun, ang Bato sa ilalim ng bato, nang sa gayon ay makita namin ang programa

ng Diyos. Iyo pong ilagay ang huling bahagi sa ibabaw ng mga piramide ng aming buhay, Panginoon; ilagay ang Pangibabaw na Bato, si Cristo Jesus, sa lahat at bawat isa sa amin. Nawa ang Kanyang dakila't kahanga-hangang, banal na mga pagpapala'y mapasa aming lahat. Nawa ang apoy ng Espiritu Santo'y dumako sa amin. Nawa ang kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ay mahayag. Diyos, lubos-lubos Ka po naming pinasasalamat, ngayong gabi. Kami'y sa Iyo. Ibinibigay namin ang aming mga sarili nang buong-buo sa Iyo, Panginoon.

<sup>40</sup> Sa aking paghayo, nang hindi nalalaman kung saan o kung paano, o kung ano ang gagawin ko, ako'y nagtitiwala sa Iyo, Diyos na Makapangyarihan sa lahat, na Iyong gagabayan ako, na Iyong lingkod na walang kabuluhan, na ako'y magamit para sa karangalan at sa kaluwalhatian ng Makapangyarihan sa lahat. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama.

<sup>41</sup> Iyo pong tanggapin ang aming pananalangin. Iyong pagpalain ang aming mga pagsisikap. Pagalingin ang mga maysakit at ang mga nagdadalamhati, kapwa sa espirituwal at pisikal. At gawin kaming Iyong mga lingkod. Kami ang putik, Ikaw ang Magpapalayok. Iyong ihulma kami, bawat isa, sa Iyong Sariling paraan, nang sa gayon ay umangkop kami sa paglalakip kay Cristo Jesus, bilang bahagi ng Kanyang Katawan. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus, at para sa Kanya at para sa Ebanghelyo. Amen at amen.

[Isang kapatid na lalaki ang nagsasalita sa iba't ibang wika. Isang kapatid na lalaki naman ang nagbibigay ng kahulugan—Pat.]

<sup>42</sup> Salamat sa Iyo, Diyos Ama. Pinasasalamat Ka namin para rito sa panghimok na pangangaral na nagpapadala sa amin na may pag-asa at may kaaliwan na malaman na sa pamamagitan ng pangungusap ng mga salitang ito sa mga taong ito na hindi nalalaman, na ang Mensahe'y totoo, at sa ami'y sinasabi Mo na tumindig kami Rito. Gagawin po namin ang lahat ng nalalaman namin kung paano, Panginoon, para tumindig sa Iyo at sa Iyong Salita.

<sup>43</sup> Iyo pong tanggapin kami sa Pangalan Niya Na nagturo sa aming lahat na kami'y dapat na manalangin na paganito, [Si Kapatid na Branham at ang kongregasyon ay nananalangin nang sabay-sabay—Pat.]: “Ama namin na nasa Langit Ka, sambahin nawa ang Pangalan Mo. Dumating nawa ang Kaharian Mo. Gawin nawa ang Iyong kalooban sa lupa, kung papaano sa Langit. Ibigay Mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa araw-araw. At ipatawad mo sa amin ang aming mga pagsalangsang, gaya naman namin na nagpatawad sa mga sumasalangsang laban sa amin. At huwag Mo kaming ihatid sa tukso, kundi iligtas Mo kami sa masama; sapagka't sa Iyo ang Kaharian,

at ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, magpakailanman. Amen.”

<sup>44</sup> Pagpalain kayo ng Panginoon at ingatan kayo. Pero sa inyo na kailangan nang umuwi sa inyong mga tahanan. . . Ngayon lumampas na ng limang minuto, haya't limang minuto na sa '63. Ngayon nawa'y pagpalain kayo ng Diyos. At—at kayo na nais manatili para sa komunyong, malugod po sa amin na kayo'y manatili, ikinagagalak namin na narito kayo kasama namin. Hindi po ito pribadong komunyong, ito'y para sa bawat mananampalataya na nasa pakikisama kay Cristo. Malugod kayong tinatanggap na manatili at makibahagi sa komunyong kasama namin. At ang dahilan kung bakit ginagawa namin ito ay dahil ito ang simulaing bagay, tayo'y nagpapasimula ng isang paglalakbay. At ang Israel, bago sila magsimula noon sa kanilang paglalakbay, sila'y kumatay ng kordero at kumain ng mapapait na halaman, at sinimulan ang kanilang paglalakbay. At sa isip-isip ko, “Angkop na angkop ito ngayong gabi!” Ang Cordero'y pinaslang na, Ito'y inihanda, ang piging, at hatinggabi na noon. Sa ganoong oras sila kumain, alam n'yo, sa hatinggabi. Kaya tayo po'y, sa inyo na nagnanais na manatili kasama namin at maghanda para sa paglalakbay na parating, na nasa unahan, ikagagalak namin na makasama kayo. Pagpalain kayo ng Diyos.

<sup>45</sup> At sa inyo na kailangan nang umalis ngayon, maaari na po kayong umuwi sa inyong mga tahanan, at ang Diyos ay sumainyo hanggang sa makita ko kayong muli. Amen. Ang iba sa inyo'y maupo at sisimulan na natin ang komunyong. Ang kapatid na babae'y siyanga't. . . Sige, po.

Till we meet! till we meet!  
Till we meet at Jesus' feet; (Till we meet!)  
Till we meet! till we meet!  
God be with you till we meet again!

<sup>46</sup> Awitin po nating muli habang naghihintay tayo, alam n'yo, para sa mga lalabas. Maaari lamang tumaimtim, at heto po na isa itong napaka taimtim na bagay. Ako po'y magbabasa mula sa Kasulatan dito sa ilang sandali na napaka, napaka, napaka inam. At ngayon awitin po natin itong uli.

Till we meet! Till. . .

Makipagkamay po tayo. Kung may anumang bagay na mali sa inyong buhay, narito 'yung tao na nagawan n'yo ng mali, puntahan n'yo sila at makipagbati.

Till we meet! until we meet!  
God. . .

Ang piyanista po'y maaari na mismong pumunta sa piyano, maaari po ba?

. . . with you till we meet again!  
Till we. . .

<sup>47</sup> [Sinasabi ni Kapatid na Neville, “Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Branham.”—Pat.] Itinatagubilin ko na ang lahat ng mga ito sa iyong mga kamay, Kapatid na Neville. [“Pagpalain ka ng Diyos. Sa palagay ko . . . ? . . .”] . . . ? . . .

Until we meet!  
God be with you till we meet again!

Pagpalain ka ng Diyos, kapatid.

He careth for you,  
He careth for you;  
Through sunshine or shadows,  
He careth for you.

Awitin natin ito uli.

He careth for you,  
He careth for you;  
Through sunshine or shadow,  
He careth for you.

<sup>48</sup> Hindi ba’t ang ganda? Sige’t awitin po nating uli habang tayo’y tumataimtim.

He . . .

Ipikit n’yo lang ang inyong mga mata.

. . . for you,  
He careth for you;  
Through sunshine or shadow,  
He careth for you.

<sup>49</sup> Makalangit na Ama, kami’y nagagalak nang lubos na nasumpungan naming tunay ’yan, na sa pinaka madidilim na oras o sa arawan man, ay hindi Siya kailanman nang-iiwan ni nagpapabaya man. Kami’y galak na galak para diyan na nakamit namin, na ang aming pagtitiwala’y itinayo sa wala nang iba’t sa Dugo ni Jesus kalakip ang katuwiran. Nagtitiwala kami, Panginoon, hindi sa kasikatan ng mundong ito. Nagtitiwala kami, haya’t di namin tinatangka na magtiwala sa sinumang pinakamainam na tao, bagkus ay sumandig nang buong-buo sa Pangalan ni Jesus. Ganoon na lamang ang pasasalamat namin sa Iyo, Ama.

<sup>50</sup> Ngayon po’y makikibahagi kami sa isa sa—isa sa iilang natural na mga artikulo na iniwan Mo po sa amin. Ang isa rito’y ang pagpapabautismo, ang isa’y ang pagkokomunyon, at ang kasunod ay ang paghuhugasan-ng-paa. Oh Diyos, kami’y dumudulog mismo nang may pagpipitagan, na nalalaman na ang Cordero na ito ay ang Cordero ng paskuwa. Ang—ang malaking paglalakbay sa ilang ay nasa harapan noon ng mga anak. Ang dugo’y kinakailangan munang mailagay sa itaas ng pintuan, bago kainin ang kordero ng paskuwa.

<sup>51</sup> Diyos, Iyo pong siyasatin ang aming mga puso ngayon. Kung naroon ba ang Dugo, Panginoon? Kung wala, idinadalangin namin na—na Iyong ilagay ito ngayon mismo, habang inaalís ang aming mga pagkakasala't tinatakpan ang mga ito, at nang ang mga ito'y maihiwalay mula sa amin, Panginoon, ang mga kasalanan ng mundong ito, nang sa gayon kami'y maging banal at karapat-dapat sa aming Ama ngayon habang lumalapit kami para kunin ang—ang katawan at ang nabubong Dugo ng aming Cordero, ang Anak ng Diyos, ang aming Tagapagligtas. Iyo pong siyasatin ang aming mga puso habang nagbabasa kami, Ama, at pagkatapos ay gawin kaming Sariling Iyo. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ng Cordero, si Jesus Cristo. Amen.

<sup>52</sup> Sa Aklat ng—ng Mga Taga-Corinto, sa ika-11 kabanata, nais kong bumasa ng ilang mga talata, simula sa ika-23 talata ay babasahin ko ito. Si Pablo ito na nangungusap sa iglesya ng Corinto.

*Sapagka't tinanggap ko sa Panginoon ang ibinibigay ko naman sa inyo, Na ang Panginoong Jesus nang gabing. . . siya'y ipagkanulo ay dumampot ng tinapay:*

*At nang siya ay makapagpasalamat, ay kaniyang pinagputolputol, at sinabi, Kunin ninyo, at kanin ninyo: ito'y aking katawan, na pinagputolputol dahil sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin.*

*At gayon din naman hinawakan ang saro, at pagkatapos na makahapon, hinawakan ang saro, at pagkatapos na makahapon. . .*

Ipagpaumanhin n'yo. Hayaan n'yong basahin ko uli.

*At gayon din naman kanya ring hinawakan ang saro, at pagkatapos na makahapon, na sinasabi, Ang sarong ito'y siyang bagong tipan sa aking dugo: gawin ninyo ito bilang pag-aalaala, sa tuwing kayo'y magsisiinom nito, sa pagaalaala sa akin.*

*Sapagka't sa tuwing kanin ninyo ang tinapay na ito, at inuman ninyo ang saro, ay inihahayag ninyo ang pagkamatay ng Panginoon hanggang sa dumating siya.*

*Kaya't ang sinomang kumain ng tinapay, o uminom sa saro ng Panginoon, na di nararapat, ay magkakasala sa katawan at sa dugo ng Panginoon.*

*Datapuwa't siyasatin ng tao ang kaniyang sarili, at saka kumain ng tinapay, at uminom sa saro.*

*Sapagka't ang kumakain at umiinom na di karapat-dapat, ay kumakain at umiinom ng hatol sa kaniyang sarili, kung hindi niya kinikilala ang katawan ng Panginoon.*

*Dahil dito’y marami sa inyo ang masasakitin at mga mahihina sa kalagitnaan ninyo, . . . hindi kakaunti ang nangatutulong.*

*Datapuwa’t kung atin ngang kilalanin ang ating sarili, ay hindi tayo hahatulan.*

*Datapuwa’t kung tayo’y hinahatulan, ay pinarurusahan tayo ng Panginoon, upang huwag tayong mahatulang kasama ng sanglibutan.*

*Dahil dito, mga kapatid ko, kung kayo’y mangagsasalosalo sa pagkain, ay mangaghintayan kayo sa isa’t isa.*

*Kung ang sinoman ay magutom, kumain siya sa bahay; upang ang inyong pagsasalosalo ay huwag maging sa paghatol. At ang iba ay aking aayusin pagpariyan ko.*

<sup>53</sup> Habang binubulay ko ito, na pinaka taimtim na sandali! Nasusulat din na noong ginaganap ang komunyong na ito, at ang paghuhugasan-ng-paa . . . na di muna natin gagawin ngayong gabi, dahil walang tubig. Naputol kasi ang tubig sa lahat ng dako, at wala nga tayong sapat na pasilidad para sa palikuran ngayong gabi, dahil kailangan pa nilang kabitan ito nang pinaka mainam nilang magagawa, para tayo’y makapagdaos ng gawain ngayong gabi. Pero gagawin natin kung papaano ang ginawa nila noon, na sabi, sa palagay ko si Lucas ang nagsabi noon, na “Sila’y nagsiawit ng isang awit at humayo.” Pero alam n’yo ba kung anong nirerepresenta nito? Alam n’yo ba, na sa pasimula, noong ang atas na ito ay unang ibinigay sa Israel, doon sa Egipto, sila’y nasa kanilang lakbayin na patungo sa lupang pangako. At ’yan ang siyang pakiramdam natin ngayong gabi, na tayo’y nasa lakbayin natin patungo sa Lupang Pangako. At ang paglalakbay ay nasa harapan natin.

<sup>54</sup> At mayroon silang tanda, na kapag dumating ang anghel ng kamatayan, kinakailangan na may dugo sa may pinto, o kung hindi’y ang pinaka panganay na anak na lalaki o ang pinaka panganay na anak sa tahanan ay mamamatay. Ang ibig sabihin nun, at ang tunay na kahulugan nun, ay dapat munang ipahid ang dugo. Napansin n’yo ba kung paano ang pagkakalahad dun ni Pablo rito? “Kung may kakain nang di karapat-dapat, ay kumakain at umiinom siya ng hatol sa kanyang sarili, na di niya kinikilala ang katawan ng Panginoon,” na ang ibig sabihin ay ganoon ding bagay, ang kamatayan na ’yun, espirituwal na kamatayan, na sasapit ’yun sa isang tao na kakain ng hapunan ng Panginoon na hindi siya karapat-dapat. Yun nga’y, paglalayaw sa labas na umiinom at patuloy sa kung anu-ano ang ginagawa, at namumuhay na gaya sa sanlibutan, at dadako roon sa hapag ng Panginoon. Hindi natin dapat gawin ’yun. Ngayon linisin natin ang ating mga puso’t linisin ang ating mga kamay mula sa . . . at ang ating mga isipan mula sa masamang pag-iisip,



nang sa gayon makadulog tayo sa hapag ng Panginoon, nang may pagpipitagan at banal, yamang nalalaman natin na ating idinudugtong ang ating sarili sa ating Hain, na si Cristo Jesus, na Siyang ating tanging kaligtasan.

<sup>55</sup> At ngayon, sa gabing ito, ang pamamaraan natin ng paggawa nito, ay may matanda sa iglesya na patatayuin rito, si Kapatid na Zabel. At sa palagay ko, si Kapatid na Zabel, ngayong gabi, sige't tatawag ka mula sa entablado unang-una, para ang mga taong ito'y makalapit mula sa entablado at bubuo ng unang pila mo rito, sige't maaari n'yo nang gawin. Ngayon, ididirekta kayo ni Kapatid na Zabel, maya-maya, kapag tapos na ang pananalangin natin ng pagpapala sa komunyong.

<sup>56</sup> Ang tinapay na kosher na ito, ito'y ginawa ng mga Cristiano. Ito'y tinapay na walang lebadura. At kung mapapansin n'yo rito, kapag ilalagay n'yo ito sa inyong bibig, ito'y baku-bako, para mapait. Ito'y kulu-kulubot at pinilas-pilas, luray-luray, na ang ibig sabihin ay ang hinapak, na luray-luray na katawan ng ating Panginoong Jesus. Oh, kapag naiisip ko 'yun, ang puso ko'y para bang hihinto nang sandali! Kapag naiisip ko na Siya'y niluray at binugbog at hinampas, ang walang salang Anak ng Diyos! Alam n'yo ba kung bakit Niya 'yun ginawa? Dahil ako nga'y nagkasala. At Siya'y nagpaging ako, na isang makasalanan, na ako sa pamamagitan ng Kanyang Pag-aalay ay maging katulad Niya, isang anak ng Diyos. Grabeng Pag-aalay!

Iyuko na po natin ang ating mga ulo.

<sup>57</sup> Pinaka Banal na Diyos, habang hawak-hawak ko ang munting tinggang plato na ito ngayong gabi, ang tinapay na ito na sumasagisag sa nahapak, niluray, nabugbog, hinampas na katawan ng aming Panginoon, kung saan ang propeta'y napasigaw, "Siya'y sinugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, nabugbog dahil sa ating kasamaan, ang parusa ukol sa ating kapayapaan ay iniatang sa Kanya, at sa mga latay Niya tayo'y pinagaling." Oh, amin ngang inaalala 'yan nang lubos, Panginoon! Habang inilalakip ko ang aking sarili sa Hain na 'yan ngayong gabi, at ang mga narito rin na mga dumalo, Panginoon, sa Hain na 'yun, nawa'y maalaala namin ang aming Panginoon, ang Kanyang kamatayan at ang paglalalago sa Kanya, at lahat na Kanyang pinagdaanan para sa amin, habang tinatanggap namin ang tinapay na ito sa aming mga bibig. Diyos, kami'y mga taong di karapat-dapat, hindi kami karapat-dapat para sa isang banal na bagay na gaya nito, kaya Iyo pong ibunsod ang Iyong kabanalan, Panginoon, ang Iyong Presensya at ang Iyong Dugo, na linisin ang aming mga puso. At habang tinatanggap namin ito, nawa'y mailayon namin sa aming mga isipan na tuluy-tuloy na paglingkuran Siya araw at gabi, sa lahat ng mga araw ng aming buhay. Ngayon Iyo pong pakabalin at linisin ang tinapay na ito para sa inilayong gamit nito. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

58 At hawak-hawak ko po ito sa aking mga kamay, sa tatlumpu't-. . .halos tatlumpu't tatlong taon ng paglilingkod na ipinaglingkod ko sa aking Panginoon, at nahihiya ako sa sarili ko. Pero iniisip ko, anong gagawin ko kapag may literal na dalawang patak ako ng Kanyang Dugo na hawak-hawak sa aking kamay ngayong gabi? Anong gagawin ko roon? Pero, alam n'yo, ang nasa mga kamay ko ngayong gabi, sa Kanyang paningin, ay mas higit, ito'y ang binili ng Kanyang Dugo, ang Kanyang Iglesya. Kaya sa pagkakahawak ko rito, at ang katas ng mga ubas na ito, ay binubulay ko 'yun. Ang sabi Niya, "Hindi na Ako iinom nitong bunga ng ubas hanggang sa araw na yaon na inumin Ko ito nang panibago sa Kaharian ng Aking Ama." Pagkatapos pansinin n'yo kapag matapos na ang pakikibaka sa kasalanan, ang unang bagay na gagawin natin kapag sumapit na tayo roon sa kabilang ibayo ay tumanggap ng komunyong, ang hapunan ng Panginoon.

59 At atin ngang iyuko ang ating mga ulo ngayon habang nananalangin tayo ng pagpapala sa alak na ito. Makalangit naming Ama, kapag naiisip ko, habang hawak ko ang alak na ito rito na sumasagisag sa Dugo ni Jesus, kung papaanong sa pamamagitan ng umaagos na Dugo'y ang aking mga kasalanan ay wala na. Ang mga 'yun ay iwinaksi na sa Dagat ng Pagkalimot, at hindi na aalalahanin pa. At sa pamamagitan ng Dugong ito, isang naghihingalong binatilyo noon ang nakaratay sa isang ospital, at Iyong iniligtas ako. Oh Diyos, ganoon na lamang ang pasasalamat ko sa Iyo, Panginoon. At pagkatapos ay Iyong ibigay sa akin ang atas, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na gabayan ang mga tao patungo sa Kalbaryo at ipakita sa kanila ang daan patungo sa Tahanan. Salamat sa Iyo, Ama. At ngayon ay pagkabanalin at linisin Mo ang alak na ito para sa nilayong gamit nito. At nawa ang bawat tao na makikibahagi sa sakramentong ito, ngayong gabi, ay makatanggap ng espirituwal at pisikal na lakas para sa paglalakbay na nasa harapan lamang. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

[Ang kongregasyon ay binibigyan ng komunyong. Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

60 Ang tumayo rito't pagmasdan ang mga pami-pamilya na lumalapit, at ganyan nga ang mangyayari isa sa mga araw na ito, pami-pamilya, hile-hilera, grupo-grupo, isa-isa. Kapag nakatagpo na natin Siya, grabeng panahon nga 'yun, kapag ang lahat ng buhay ng tao na naparito kailanman sa lupa, na sumampalataya sa Kanya at nagtiwala sa Kanya, ay magkakatagpo-tagpo roon sa Araw na yaon. Hindi ba't magiging napakaganda nun? [Sinababi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

61 Kailangan lang nating laktawan ang paghuhugasan-ng-paa sa gabing ito dahil sa tubig. Wala tayong sapat na pasilidad ngayon, at aayusin din ito agad-agad, umaasa kami. Haya't maayos-ayos naman, at mabilis ang pagtrabaho sa bagong

tabernakulo. Mangyari nga na iniisip ko na angkop na angkop na magdaos ng komunyong sa pagsisimula ng taon katulad nito, itong panahon na ito ng araw na ito.

<sup>62</sup> Ngayon, kayo na mga taga-labas ng bayan, mag-ingat kayo sa pagmamaneho bukas sa pag-uwi n'yo. Nawa'y sumainyo ang Diyos. At kayo na mga taga-rito, mga taga-malapit, sumainyo ang Diyos at tulungan kayo. At ngayon, loobin ng Panginoon, at kinakailangan kong lumuwas para sa susunod na pagtitipon na ito na gaganapin sa Arizona, at pagkatapos kung loobin ng Diyos, ako'y babalik sa inyo uli para sa *Pitong Tatak*, at gaya nga ng ipinangako ko. Tunay po na inasam ko ang mga pananalangin n'yo. Kailangan na kailangan ko po kayo, kaya huwag n'yong kalilimutan na ipagdasal ako. At nawa ang lahat ng mga bagay ay mangyaring mainam para sa inyo. At tunay na ikinalulugod ko ang pagdalo n'yo at kung papaanong nakinig kayo sa bagay na ipinangusap ko sa Ebanghelyo. Naniniwala ako na may binabago na tayo ngayon. At ako nga, pinasasalamatan ko ang inyong kabutihan.

<sup>63</sup> At marami sa inyo ang nagmamaneho nang milya-milya para makaparito't makapakinig sa isang simpleng tao na gaya ko na inihahatid ang Salita ng Diyos. Sigurado ako na higit pa riyan ang dahilan ng inyong pagdalo para makapakinig ng iba pa maliban sa akin, dahil wala naman akong bagay na maiprepresenta. Wala akong pinag-aralan, walang personalidad, walang anumang bagay tungkol sa akin. Kaya naman kapag nakikita ko ang mga tao na daan-daang milya ang minamaneho, at tatayo at maghihintay rito, nang alas dos ng umaga, hindi nga ito dahil sa kung ano na taglay ko. Dahil ito kay Cristo. Ikinagagalak ko na iniibig n'yo Siya. At iniibig ko Siya, siyanga rin. At magkakasama tayo na iniibig Siya. At dahil iniibig natin Siya, hindi nga tayo mababaha-bahagi. Marahil maghihiwalay lang tayo rito nang sandali, sa paglipas ng panahon, pero tayo'y magsasama-sama uli. Pangarap ko noon pa na pagsikapin mismo na mapangunahan ang mga tao patungo sa dako na 'yun.

<sup>64</sup> At ngayon sa pagsisimula ng isang bagong taon, nais kong sabihin, hindi 'yung "Manigong Bagong Taon" sa inyo, heto po ang gusto kong sabihin sa inyo, "Pagpalain kayo ng Diyos." At kung gagawin Niya 'yan, 'yan na mismo ang lahat ng kailangan n'yo para sa paparating na taon na ito. At umaasa ako na gagawin Niya.

<sup>65</sup> At ako, sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, sisikapin po nating sumubok sa susunod na taon na ito, na Kanyang pagbibigyaan ako, pagbibigyan kayo, na sa pamamagitan ng Kanyang biyaya ay umaasa ako na magiging isang mas mainam na pastor sa kasunod na taon kaysa sa ako ngayong lumipas na taon, umaasa ako na maging mas mainam na lingkod kay Cristo. Sisikapin kong maigi na mamuhay nang mas malapit, mas totoo,

para ihatid ang Mensahe sa paraan mismo na ipinagkaloob Niya sa akin, haya't ihahatid ko ito sa inyo sa pinaka mainam na magagawa ko, na wala akong ipagkakait na nais Niyang ibigay ko sa inyo. Gagawin ko ang lahat ng nalalaman ko kung paano. At alam ko na ganoon din ang nararamdaman n'yo. Inyo—inyo ngang nararamdaman na lahat tayo'y nagnanais na gumawa nang sama-sama ngayon, dahil ang mga panggaging liwanag ay tunay na lumalabo na, at ang araw ay malaon na't papalubog na. Lumalamig na ang mundo, alam natin 'yan, sa espirituwal na pagsasalita, ang iglesya'y nanlalamig na't wala na ang rebaybal. Hindi natin alam kung ano na ang kasunod, pero magtitiwala tayo sa Diyos para dun, kung anuman ito. At ngayon gaya ng minsan nating . . .

<sup>66</sup> Nais kong mapatimo sa isipan n'yo na ang tabernakulo rito ay may isa sa pinaka dakilang pastor na mayroon sa buong mundo, si Kapatid na Orman Neville, isang maka-Diyos na lalaki, isang mainam na lalaki. At kapag wala ako, si Kapatid na Neville ang may ganap na pangangasiwa, na para ngang kapag narito ako. Ang mga tagapangasiwa, mga diyakono, at iba pa, kinakailangan n'yong manatili sa inyong mga tungkulin kung papaano nga sila. At ito ang punong-tanggapan natin. Dito tayo—tayo—tayo nakadestino, dito mismo. Si Billy Paul po'y hindi ko makakasama roon, doon lang sa pagtitipon na 'yun, siya'y babalik din dito. Ang trabaho't lahat ay tuluy-tuloy lang dito. Ang pagpunta ko sa dako roon, hindi 'yan nangangahulugan na iniwan ko kayo. Ako'y humahayo lang, gaya ng nauunawaan n'yo, na ito'y isang pangitain mismo. Hindi ko alam ang ibig sabihin nito. Umaasa ako at tunay na naniniwala na ito'y para sa ikabubuti ng buong Kaiglesyahan. At alam ko na ito'y para sa ikabubuti para sa ating lahat kung susunod tayo sa mga pangunguna ng Panginoon. Yan mismo ang buong nalalaman natin na dapat gawin. Hindi po ito madali para sa akin. Naalala ko noon bago ko kailangang umalis mula sa iglesya rito noon. Naaalala 'yan ng ilan sa mga matatagal na rito, kung papaanong hindi ko nga kayang gawin 'yun! Mahal ko ang mga tao.

<sup>67</sup> Noong munting binatilyo pa ako'y walang nagmamahal sa akin, walang may malasakit sa akin noong batang paslit ako, at ako, noong nalaman ko na may nagmamahal pala sa akin, sa isip ko—sa isip ko, “nais kong mamatay para sa kanila.” At ngayon, dahil may nagmamahal sa'yo, may nagmalasakit sa'yo. Umaakyat ako noon sa isang poste at 'yung kalawit ko'y dumulas mula sa pagkakakabit sa lumang poste na cedro, at 'yung buhol ay napakataas, at natamaan ko 'yun nung espuwela ko't umikot-ikot, nahulog nang labing-limang talampakan at bumuhol sa braso ko. May isang ginang na napasigaw, at parang tinatapik-tapik ang kanyang sarili nang *paganoon*. Nalugod ako noon pa man sa ginang na 'yun, nagmalasakit siya. Isa nga siya

na talagang nagmamalasalakit. At lagi ko nang iniisip, “sinuman na nagmamalasalakit sa akin, minamahal ko sila.”

<sup>68</sup> At dito kamakailan lang ay nasa bayan ako, na binubulay ko 'yung mga panahon na nagdaan, at kung ano ang mga bagay na ginawa ng Diyos para sa akin, at tunay na ikinalulugod ko. At pinasasalamat ko ang inyong pag-ibig at pakikisama. At hindang-hindi ko kailanman tatangkain na pangunahan kayo sa mali. Sa tuwina nga'y sa tamang daan mismo, sa pinaka mainam na nalalaman ko. At matatandaan n'yo, hindi ako kailanman nangusap ng anumang bagay tungkol sa akin, laging si Jesus Cristo. Kita n'yo? Kita n'yo? Nagsisikap mismo na manatiling malapit sa Kanyang Salita gaya ng kung papaanong nalalaman ko na pananatili, para pangunahan kayo at gabayan kayo patungo sa dakong ito.

<sup>69</sup> At itinatagubilin ko na kayo ngayon sa mga kamay ni Kapatid na Neville, unang-una sa mga kamay ng Diyos, at pagkatapos sa pangangalagang-kamay ni Kapatid na Neville, para pastoran ang iglesia at para bantayan ang espesyal na mga laan na ito hanggang sa maidaos ko uli ang pagtitipon na ito at makabalik sa inyo uli. Na umaasa na sa panahon na 'yan ay madala ko sa inyo ang isang dakilang kapahayagan mula sa Diyos, na ikapupukaw sa galak ng bawat puso at luluwalhati sa Iglesia ng Diyos.

<sup>70</sup> Kadalasan tayong nakikibahagi sa komunyong. Wala na akong iba na sasabihin pa, batid n'yo ang nararamdaman ko. At sa palagay ko ang awitin na dapat nating awitin ngayon, *My Faith Looks Up To Thee, Thou Lamb of Calvary*. At habang tumatayo tayo at inaawit ito, tayo'y makipagkamay sa isa't isa, at sabihin “Pagpalain ka ng Diyos.”

My faith looks up to Thee,

<sup>71</sup> Pagpalain ka ng Diyos, kapatid kong lalaki. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae.

Saviour . . .

Pagpalain ka ng Diyos, kapatid.

. . . Divine.

Now . . .

. . . ? . . .

. . . wholly Thine!

Ngayon itaas na po natin ang ating mga kamay sa Kanya.

My faith looks up to Thee,

Thou Lamb of Calvary,

Saviour Divine;

Now hear me while I pray,

Take all my guilt away,

Oh let me from this day

Be wholly Thine!

<sup>72</sup> “Hanggang sa magkita-kita uli tayo!” Awitin natin ang *Till We Meet Again*. Ang lahat po’y makisabay na ngayon.

Till we meet! till we meet!

Till we meet at Jesus’ feet;

Till we meet!

...?...

... be with you till we meet again!


Till we meet! till we meet!

Till we meet at Jesus’ feet; (till we meet!)

Till we meet! till we meet!

God be with you till we meet again!

Iyuko na po natin ang ating mga ulo ngayon.

<sup>73</sup> Kapatid na Neville, sige’t, ikaw na ang magtapos ng gawain sa pananalangin? Pagpalain ka ng Diyos. 

62-1231 Ang Pakikipagtungali  
Branham Tabernacle  
Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2022 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)